



Members of One Body

1 Corinthians 12:12-26 (NKJV)

¹²For as the body is one and has many members, but all the members of that one body, being many, are one body, so also is Christ. ¹³For by one Spirit we were all baptized into one body—whether Jews or Greeks, whether slaves or free—and have all been made to drink into one Spirit. ¹⁴For in fact the body is not one member but many. ¹⁵If the foot should say, “Because I am not a hand, I am not of the body,” is it therefore not of the body? ¹⁶And if the ear should say, “Because I am not an eye, I am not of the body,” is it therefore not of the body? ¹⁷If the whole body were an eye, where would be the hearing? If the whole were hearing, where would be the smelling? ¹⁸But now God has set the members, each one of them, in the body just as He pleased. ¹⁹And if they were all one member, where would the body be? ²⁰But now indeed there are many members, yet one body. ²¹And the eye cannot say to the hand, “I have no need of you”; nor again the head to the feet, “I have no need of you.” ²²No, much rather, those members of the body which seem to be weaker are necessary. ²³And those members of the body which we think to be less honorable, on these we bestow greater honor; and our unrepresentable parts have greater modesty, ²⁴but our representable parts have no need. But God composed the body, having given greater honor to that part which lacks it, ²⁵that there should be no schism in the body, but that the members should have the same care for one another. ²⁶And if one member suffers, all the members suffer with it; or if one member is honored, all the members rejoice with it.

Introduction

Paul indicates that the church is Christ's body which have many parts. They are to act as to the nature and function of the church. Paul says that individual members are “baptized” into this one body, the body of Christ, the church. Our membership in Christ's body begins at the time we are saved, and it is the work of the Holy Spirit, who baptizes us into the church by identifying us with Christ in His death, burial, and resurrection.

Ephesians 4:4-6

⁴There is one body and one Spirit, just as you were called in one hope of your calling; ⁵one Lord, one faith, one baptism; ⁶one God and Father of all, who is above all, and through all, and in you all.

Spiritual gifts are not bestowed based on one's personal piety (devotion) or decision, but they are sovereignly bestowed by God, also the ministries through which these gifts will be deployed as well as the outcome of these ministries. One's ministry is divinely directed, and if one is discontent with it, their complaint is with God.

Those who view a particular spiritual gift as a criterion might wrongly conclude that they have nothing to contribute to the body of Christ (church).

vv. 15-16 - ¹⁵If the foot should say, “Because I am not a hand, I am not of the body,” is it therefore not of the body? ¹⁶And if the ear should say, “Because I am not an eye, I am not of the body,” is it therefore not of the body?

The One in charge of God's “placement

service” is the Holy Spirit. Every member of the body of Christ has been ordained to serve in a particular way by the Holy Spirit. Our placement in the body of Christ is not a matter of chance nor a matter of our choice; it is by God's sovereign will.


v. 18 - But now God has set the members, each one of them, in the body just as He pleased.

God designed the church as a body with many members and each with its own unique function. Every member of the body has an important role to play in the body. All the members of the body are interdependent, and none can be independent. The purpose for God designing the “body” of Christ in this way is to promote unity, not dissensions nor divisions (verse 25). God has created the “body” with various members, none of which can function without the support of the rest of the body. All the members of the body should thus have the same care for the other members of the body.

continue on page 14 >>



Rev. Dr. James C. Sy
Administrative Pastor



DALUYAN NG NAG-UUMAPAW na Pagpapala ng Diyos



Bilang mga anak ng Diyos, ayon sa Kaniyang Salita, tayo ay bahagi ng iisang katawan ni Kristo. At tuwing ating pinagpapala ang Diyos sa ating mga buhay, Siya ay mas higit na tapat upang tayo rin ay pagpalain at palaguin.

Kasama ang mga manggagawa ng UCF ay nilakbay nila ang bayan ng Catanduan, Quezon Province na may dalang handog na biyaya para sa 52 na panambahan mula sa Bondoc Peninsula. Samu't saring mga instrumento tulad ng gitara at *bluetooth speaker* ang niregalo sa bawat simbahan na tiyak ay magiging kagamit-gamit sa mga gawain. Maliban sa pisikal na biyaya ay ang masayang *fellowship* na mas nagpa-alab sa kanilang puso na magpatuloy sa pagsunod sa Diyos anoman ang sitwasyon.

Tunay na ang Diyos ang Siyang nagpapala at nagbibigay sa atin ng kakayahan upang magpala rin ng iba.

PREPARATION

Lunes pa lamang ay nagtungo na ang mga boluntaryo sa UCF Mt. Tabor Church para simulan ang paghahanda para sa gawain. Sinigurado ng bawat isa na kumpleto ang mga gamit na dadalhin.



PRAYER



Dalangin ng bawat isa ang pagsama ng Banal na Espiritu at pag-iingat ng Panginoon.

Matthew 5:4
(NKJV)

Blessed are those who mourn, For they shall be comforted.



Libreng mga *workshop* ang handog ng UCF para sa bawat isang nais mahasa ang kanilang mga kakayahan at abilidad sa pagtugtog ng mga instrumento tulad ng *acoustic* at *bass guitar*, *keyboard* at *drums*. Nagkaroon din ng *seminar* tungkol sa paggamit ng iba't ibang *application* bilang kaparaanan upang maipahayag ang Mabuting Balita tungkol kay Hesus sa iba't ibang dako ng mundo.



Mula bata hanggang matanda ay buong pusong pagsusumikap ang ibinigay sa pagtugtog ng mga instrumento.



Buhay na ng mga anak ng Diyos ang mag-alay ng mga awiting nagtataas sa Ngalan ng Panginoon. Kaya naman, sinamantala nila ang pagkakataong ito upang madiskubre ang kanilang kakayahan sa pagtugtog upang magbigay luwalhati sa Kaniya.



MULTIMEDIA WORKSHOP



Sinasabi sa Salita ng Diyos na ang Mabuting Balita ay maipapangaral sa lahat ng mga bansa. Sa patuloy na paglago ng teknolohiya sa ating panahon, maari nating magamit ito upang maibot ang mga nawawalang kaluluwa sa buong mundo.

I have been crucified with Christ; it is no longer I who live, but Christ lives in me; and the life which I now live in the flesh I live by faith in the Son of God, who loved me and gave Himself for me.

Galatians 2:20
(NKJV)



DENTAL MISSION

Bunga ng nag-uumpaw na pagpapala ng Diyos sa UCF ang mga programang aabot at magbibigay biyaya sa mga lingkod Niya. Ang kalayuan ng Quezon Province ay tinungo ng panambahan upang handugan ang kapatiran dito ng tulong at biyaya, kabilang na ang serbisyong dental. Mula sa *registration* hanggang sa pagbibigay ng gamot ay inasikaso ng bawat manggagawa ang mga benepisaryo.



Kagalakan sa puso ng mga anak ng Diyos ang maging daluyan ng pagpapala higit lalo sa mga kapuwa mananampalataya.



REGISTRATION

Malugod na sinalubong at tinanggap ng registration team ang mga nais ng serbisyong dental. Agad silang kinausap at kinamusta ng mga boluntaryo.



INTERVIEW



Dumaan muna ang mga pasyente sa interview area kung saan ay inaalam ang kanilang medical history upang maiwasan ang mga posibleng komplikasyon.



VITAL SIGNS



Masinop na sinuri at kinuha ang vital signs ng mga benepisaryo tulad ng blood pressure at temperatura. Ang ilan sa may mataas na presyon ay pinagpahinga muna.



1 Corinthians 13:1
(NKJV)

Though I speak with the tongues of men and of angels, but have not love, I have become sounding brass or a clanging cymbal.



Maingat na isinigawa ng mga boluntaryong dentista ang pagbunot at pagtingin sa mga ngipin ng mga dumalong benepisyaryo.



Naging kagalakan para sa mga manggagawa ng UCF ang maging parte ng misyong ito sapagkat ito ay naging malaking tulong para sa mga manggagawa ng iba't ibang panambahan.



PHARMACY



Matapos nilang magpatingin at magpabunot ng ngipin, ang bawat benepisyaryo ay tumuloy sa photobooth area upang kumuha ng litrato bilang kabahagi ng programa. Ito ay pinangunahan ng pamilya ng mga pastor.

50+ TOTAL BENEFICIARIES

And we know that all things work together for good to those who love God, to those who are the called according to His purpose.

Romans 8:28 (NKJV)



PRAISE & WORSHIP

Malayang nagpuri at naghandog ng karangalan sa Diyos ang Kaniyang mga anak na labis ang pasasalamat sa Kaniya.



Naging makabuluhan ang dalawang gabi ng misyon dahil nagkatipon ang kapatiran at napuno ng walang humpay na pag-awit ng luwalhati para sa Diyos.



Walang salitang makahihigit sa kadakilaan ng Diyos sa buhay ng Kaniyang mga anak.



Patunay na buhay ang Diyos dahil sa mga lingkod Niyang tumugon sa tawag ng paglilingkod upang gawin ang Kaniyang kalooban.

Galatians 5:22-23
(NKJV)

²²But the fruit of the Spirit is love, joy, peace, longsuffering, kindness, goodness, faithfulness, ²³gentleness, self-control. Against such there is no law.



BLESS THE PASTORS

Higit na nakalugod sa Diyos ang gawaing ito dahil ang Kaniyang mga lingkod ang naabot ng Kaniyang pag-ibig at pagpapala.



Matapos awitin ni Rev. Dr. Sy ang kaniyang sariling komposisyon na Jesus ay ibinahagi niya ang kwento sa likod nito at ang papel nito sa kaniyang pagpapatuloy sa Diyos.



50 gitara at 50 speaker



Napuno ang gabing ito ng pagpapasalamat sa buhay ng mga pastor. Naging pagkakataon ito upang maabutan sila ng pagpapala ng Diyos sa pamamagitan ng munting regalo na gitara at bluetooth speaker na kanilang magagamit sa tuwing sila ay hahayo at mangangaral.



Kasabay ng pagbibigay ng munting handog sa mga pastor ay ang pananalangin sa kanila na sila ay patuloy na makasunod sa Panginoon, at magamit upang patuloy na magdala ng mga nawawalang tupa sa paanan ng Diyos.



PHOTOBOOTH



2 Corinthians 5:21
(NKJV)

For He made Him who knew no sin to be sin for us, that we might become the righteousness of God in Him.



FOOD PREPARATION



Ang mga manggagawa sa kusina ay masiglang nagtutulong-tulong upang maghain ng mga masasarap na putahe para sa buong misyon.



Kinakailangan man ng mahabang oras na preparasyon para sa mga pagsasalusalaan, ang bawat isa ay tiniyak na ito ay sapat upang maipadama sa mga bisitang pastor ang ating pagmamahal sa kanila at sa kanilang mga pamilya.



FELLOWSHIP



90+ *pastors and their families*

Ang lahat ay sabik sa pagtitipon ng kapatiran. Naron ang kasiyahan ng makasama ang iba pang mga lingkod ng Diyos na may patotoo ng katapatan ng Diyos sa kani-kanilang mga buhay. Tunay na naging inspirasyon ang kanilang buhay paglilingkod dahil ang Panginoon ang kanilang sandigan.

Romans 5:8
(NKJV)

But God demonstrates His own love toward us, in that while we were still sinners, Christ died for us.



DINNER FELLOWSHIP



Isang nakakabusog at masayang fellowship ang naranasan ng bawat nagsipagdalo. Bakas sa ngiti ang kanilang kagalakan sa pagtitipon kasama ang kapatiran at kapwa mga pastor.



Ilan sa mga pastor ay dumayo pa mula sa malalayong bayan ng Quezon upang paunlakan ang imbitasyon ng UCF para sa isang fellowship.



Nagsilbing kalakasan ng kapatiran ang bawat patotoong kanilang narinig mula sa bawat isa. Ito ay magsisilbing paalala upang sila ay magpatuloy na maglingkod ng tapat sa ating Panginoong Hesus. Humigit kumulang 90 na bisita mula sa District 2, 3 at 4 ng Quezon ang dumalo.



Masasarap na putahe ang siyang bumusog at nagbigay ngiti sa mga bisita.



²⁶So in Christ Jesus you are all children of God through faith, ²⁷for all of you who were baptized into Christ have clothed yourselves with Christ.

Galatians 3:26-27
(NKJV)



Naging masigla at masaya ang lahat sa tatlong araw na misyon sa Quezon. Sa kabila ng pisikal na kapaguran ay matatagpuan ang kapahingahan sa pagsasama-sama ng pamilya ng Diyos.



tunay nga na mayroong kagalakan sa presensiya ng Diyos. Abot tainga ang ngiti ng lahat kasama ng kanilang mga kapatid sa Panginoon.



Tirik man ang araw ay masayang naligo ang kapatiran sa swimming pool na nagdala ng kapreskuhan sa bawat isa.



So Christ was offered once to bear the sins of many. To those who eagerly wait for Him He will appear a second time, apart from sin, for salvation.

Hebrews 9:28 (NKJV)

TESTIMONIALS

Nagbahagi ng kanilang karanasan at nagpahayag ng taos-pusong pasasalamat ang mga naging kabahagi nitong *outreach misson*.



“ Makakatulong ang aking natutunan sa pag-encourage sa mga tao sa *church* namin at para turuan din sila. Kung ano ang itinuro sa akin ay dapat i-*share* ko rin sa iba. Hindi lamang ito para sa aking sarili. **Gusto kong gamitin ang talento ko para kay God para po maitaas pa ang pangalan Niya at para marami pang makakilala kay Lord.** Thank You, Lord, dahil may ginanap na *seminar* ang UCF dito.

”



Sis. Nathalia Grace Manzano

Beneficiary from
Living Faith Fellowship
Catanauan, Quezon



“ Napakasaya ng karanasan ko bagaman nandoon ang pagod pero hindi ko halos ito naramdaman dahil sa suportahan ng kapatiran. **Ang mga ordinaryong bagay na ginagawa ay nagiging extraordinary dahil ang objective ay i-offer natin ito kay Lord.** Nagkaroon ako ng pagkakataon na makausap ang ilang mga pastor at nakita ko po ang kanilang sakripisyo at *perseverance* upang magpatuloy sa pagsunod sa ating Panginoon at sa paghahayag ng mensahe ng Diyos. Ito po ay malaking aral din sa akin dahil ako ay nagkaroon ng inspirasyon mula sa mga sakripisyong kanilang ginagawa.

”



Bro. Juanito Andal

UCF Mision Volunteer



“ It is a **privilege to serve God's people.** I prayed to God that nothing complicated will happen because sa previous missions na na-attend-an ko, mayroong mga complication. For this mission, **I praise God na smooth ang mission at hindi naging sobrang pagod and naging peaceful lang.**

”



Dra. Catherine Loyola

UCF Mision Volunteer Dentist



“ Kailangan ko itong *seminar* kasi wala akong gaanong *knowledge* sa mga bagong *technology*. Magagamit ko ito sa *church* lalo't higit kapag nagdi-*design* kami ng *poster*, *certificate*, etc. **Gusto ko itong magamit para makapag-produce ng literature na magagamit sa church sa pag-evangelize.** Purihin ang Panginoon dahil dinala Niya kayo rito. Salamat sa team ng UCF!

”



Ptr. Arlene Aguilar

Beneficiary from Lord of the
Harvest Christian Fellowship
Catanauan, Quezon



Ptr. Ricardo Rejano

Beneficiary from
Door of Faith Church
Catanauan, Quezon

“ Napakalaking impact ng ganitong gawain na pinangunahan ni Ptr. William para sa amin. Sa katunayan ay mula kami sa iba't ibang bayan pero salamat sa team ng UCF dahil napakalaking tulong nito sa aming mga pastor at sa aming iglesia. **At ako ay naniniwala na sa aming pag-uwi ay mayroon kaming dalang apoy muli para sa gawain gaya ng Kaniyang ginawa sa lugar na ito.** Salamat sa Panginoon dahil ang Diyos ang nagtakda ng ganitong gawain at may tinawag Siya sa pamamagitan ni Ptr. William.

”

Now this is the confidence that we have in Him, that if we ask anything according to His will,
He hears us.

1 John 5:14
(NKJV)



“ Ang *impact* na ginawa ng Lord sa gawain ngayon ay na-*challenge* kami sa *generosity* ng UCF. Ang **puso ninyo na tumulong sa mga church at mga pastor ay tunay na nakaka-bless. Nakaka-challenge** na isang araw ay gamitin din kami ng Diyos katulad ninyo para marami ring **mapagpala**. Pagpalain pa kayo ng Panginoon upang marami pa kayong mapagpala na katulad din namin. ”



Sis. Melanie Anastacio

Beneficiary from
Living Faith Fellowship Church
Catanauan, Quezon



“ Nagpapasalamat ako sa lahat ng *member* at *pastor* ng UCF. Damang-dama ko ang pagtanggap sa akin at ngayon ko lang na-*experience* ang tumulong sa ating mga kapatid. **Ako ay napabilang sa kitchen kung saan napakasaya ng aming gawain dahil ang mga miyembro ay aming nabubusog. Lahat ay masaya at masarap ang aming mga pagkain.** At maging ang mga taga-Catanauan ay nagpapasalamat din dahil tuwang-tuwa sila na dumating tayo rito. ”



Bro. Ronnel Natividad

UCF Misyon Volunteer



“ Bilang isang kabataan, mahalaga sa akin ito upang mas ma-*develop* ang aking kakayanan at ma-*improve* ang paraan ng aking pagtugtog. Nagpapasalamat ako sa Lord sapagkat isa ako sa mga nakadalo sa gawain ng UCF. **Nagpapasalamat ako dahil ang UCF ay nagpapatuloy na magpagamit sa Lord na maibahagi ang kanilang kakayanan at abilidad para mas lalo pang dumami ang mga taong gagamitin ni Lord para sa Kaniyang kaluwalhatian.** ”



Sis. Angelica Peñaredondo

Beneficiary from
Healing in His Wings Int'l Ministry
Catanauan, Quezon




“ Napakalaking bagay ang gawaing ito sa amin. *Mostly* ang kapatiran ay hindi maka-*afford* ng bunot ng ngipin dahil halos Php1,000 - Php1,500 ang isang ngipin. **Masayang-masaya kami para sa kapatiran sapagkat kami ay nabiyayaan ng ganitong klaseng paglilingkod ng UCF.** Salamat sa napakasarp na *dinner* at nagpapasalamat ako kay Lord dahil isa sa kalakasan naming mga pastor sa Bondoc Peninsula ay iyong kami ay nadadalaw ng mga grupo katulad ng UCF. ”



Ptr. Edilberto Watiwat

Beneficiary from
Door of Faith Church
San Francisco, Quezon



Ptr. Arman Casipe

Beneficiary from
International Christian Life Center
Catanauan, Quezon

“ Bilang pastor sa isang *church*, ako ay nagpapasalamat dahil malaki ang naitulong ng UCF sa akin na mapalakas lalo ang aking buhay pananampalataya at paglilingkod sa Panginoon. **Malaking bagay sa aking buhay na maging bahagi ng pagiging huwaran ng UCF para masunod ang ganitong klase ng paglilingkod na sa ngayon ay desire din ng aking puso.** Mas lalo kaming nahamon na maging kaisa rin dahil nakita namin sa UCF na ang kanilang mga *worker* ay tulong-tulong at nagkakaisa upang maitaguyod ang gawain. Magandang halimbawa ito sa aming *church* upang ma-*implement* ang ganitong klaseng paglilingkod sa Panginoon. ”

UCF MT. TABOR CHURCH UPDATE

PAGYABONG NG MINISTERYO


Bagong buhay sa DIYOS



Ilang mga kapatid muli natin ang sumailalim sa bawtismo sa tubig matapos na kanilang makilala ang Panginoong Hesus sa kanilang mga buhay. Tunay na Siya ang naglalapit sa atin sa Diyos Ama. Ang hakbang na ito ay tanda ng kanilang deklarasyon ng pagsuko sa kanilang mga lumang buhay at pagyakap sa bagong buhay kay Hesus.

*Welcome to the
Family of God!*

Constancia A. Mendoza
Roel C. Mendoza
Luige D. Merillana
Rolando C. Petate



Buhay-na-PATOTOO



Pagsapit ng Linggo ay natanggap ng ating mga kapatid na nagpabawtismo ang kanilang mga *baptism certificate*.

Patuloy ang mga paggawa sa ministeryo ng UCF espirituwal man ito o pisikal. Walang humpay na dedikasyon ang ipinapakita ng mga manggagawa upang makapagdala ng kaluluwa sa paanan ng Panginoon at maisaayos ang ministeryong ipinagkaloob sa panambahan.

Sa pangunguna rin ni Rev. Dr. William Sy ay nagpapatuloy ang iba't ibang konstruksiyon tulad ng pagpapalit ng mga kinalawang na bubong dala ng pabago-bagong klima sa lugar. Samantala, patuloy ang pagpapalaganap ng Salita ng Diyos na siyang tumimo sa puso ng bawat nakarinig nito.

Gabay at probisyon mula sa Diyos ay araw-araw na nararanasan ng Kaniyang mga anak. Purihin ang Panginoon!

Paggawa ng BUBONG



Sa matagal na panahon na ginamit ang mga pasilidad sa Mt. Tabor ay kinailangan din ng pagsasa-ayos upang mas magamit pa ito ng mga bisita. Dahil sa pangangalawang at mga butas, pinalitan ang mga *metal frame* ng bubong at maging ang mga bubong nito. Ito ay upang maiwasan ang mga tulo at posibleng aksidenteng dulot nito.



And you will seek Me and find Me, when you search for Me with all your heart.

Jeremiah 29:13
(NKJV)

Members of...

>> *from page 1*

Whatever affects the body as a whole affects each member of the body. When one member of the body suffers, the whole body suffers with it; when one member is honored, all the members should rejoice with it (verse 26). The church, the body of Christ, is designed in such a way that each member is interdependent upon all the other members. Every member of the body should be highly esteemed, because each makes a unique and valuable contribution to the whole body, and thus to all the other members.

Four Body Principles

- A. The Church is one body, the body of Christ.
- B. The Church is one body, but with many members.
- C. The Church is one body. Each member is sovereignly placed.
- D. The Church is one body. Members should have the same care for one another.

Conclusion

The body of Christ is God's design. We should change our way of thinking of being individualistic to being collective, from being competitive to being cooperative, realizing that the success of other saints is our victory, and, more importantly, our Lord's victory. We need to strive not just for ourselves but also for the entire church.

Ephesians 4:16

From whom the whole body, joined and knit together by what every joint supplies, according to the effective working by which every part does its share, causes growth of the body for the edifying of itself in love.

We should change the question, "What is the church doing for me?" to "What can I contribute to the church to the fulfillment of its vision and mission?"

Let us be different, as God intended, each contributing our unique gifts and ministries which He has given, to the edification of the church and to the glory of God.

SERMON NOTES

Write the points to remember from the sermon as you seek God in your life.

Experience

CHRISTIAN VALUES
ACCESSIBLE 24/7 WORLDWIDE
FUN & EXCITING LEARNING

Complete K-12 Course

- Pre-school
- Elementary
- Junior High School
- Senior High School

UNITED CHRISTIAN ACADEMY

DepED RECOGNIZED TESDA ACCREDITED FAPE CERTIFIED Accredited CPD Provider Government Permit (CHED)

SCHOLARSHIPS AVAILABLE

ESC SCHOLARSHIP

for incoming Grade 7 Students from Public School

TUITION FREE

for incoming Grade 11 Students from Public School

visit our website www.ucaphil.online

0917-100-7345 (Globe)
0918-985-1287 (Smart)

INQUIRE TODAY!

Join the growing family of UCA this coming S.Y. 2025-2026. Register your child now and reserve a slot.

ENROLL NOW!

SHARE HIS WORD



CONTACT US
Tel. No. 8-429-8325 (PLDT)
7-954-7527 (Globe)

FOLLOW US

Facebook
@UCFOfficial

Twitter
@UCFOfficial1

Instagram
@UCF_Official

YouTube
@UCFOfficial

VISIT US

UCF SANCTUARY
17 Highlight St., Area 4,
Fourth Estate Subd., Parañaque City

UCF MT. TABOR CHURCH
Purok 1, Brgy. Casile, Cabuyao, Laguna

WEEKLY SCHEDULE

- SUNDAY WORSHIP SERVICE
9:00 AM (Parañaque)
- SUNDAY WORSHIP SERVICE
3:00 PM (Cabuyao, Laguna)
- HOUSE OF PRAYER
8:00 AM - 5:00 PM
- HOME BIBLE CHURCH & STUDY
Monday - Thursday
Laguna Areas

Scan these QR codes to watch the replays of the UCF Sunday Worship Services.



Facebook



YouTube